Pansinin, tunay na ang bawat isa sa inyo ay nakikipagniig sa Panginoon niya. Kaya huwag ngang mamerhuwisyo ang iba sa inyo sa iba

Ayon kay Abū Sa`īd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsagawa ng i`tikāf ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa masjid saka nakarinig siya sa kanila na nagpapalakas ng pagbigkas kaya hinawi niya ang pantakip saka nagsabi: "Pansinin, tunay na ang bawat isa sa inyo ay nakikipagniig sa Panginoon niya. Kaya huwag ngang mamerhuwisyo ang iba sa inyo sa iba at huwag mag-angat ang iba sa inyo higit sa iba sa pagbigkas." o nagsabi siya: "... sa pagdarasal."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud]

Ang Propeta minsan (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nanatili, na nagsasagawa ng i`tikāf sa kubol sa loob ng masjid niya para sa pagpapakalapit-loob kay Allāh. Nakarinig ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga Kasamahan niya na nagpapalakas ng pagbigkas ng Qur'ān nang pagpapalakas na matinding napeperhuwisyo dahil dito ang isa't isa sa kanila. Kaya hinawi niya ang pantakip sa kubol, sinisi niya ang gumawa niyon, at pinagsabihan niya ito saka nagsabi: "Tunay na ang lahat sa inyo ay nakikipagniig sa Panginoon ninyo sa pamamagitan ng pagbigkas ng Qur'ān. Kaya huwag ngang mamerhuwisyo ang iba sa inyo sa iba at huwag mag-angat ang iba sa inyo ng tinig niya higit sa iba sa pagbigkas o sa pagdarasal."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65252